
# BIBLIKAL NA TRANSISYON

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

ni: Bro. Froilan Hong

Disyembre 7, 2024

Ang transisyon o pagbabago ay isang proseso o panahon ng pagpapalit mula sa isang estado o kondisyon tungo sa iba. Inilalarawan ito ng tiyak na pagkakasunod-sunod at pag-unlad. Tuwing mayroon tayong pagbabago, may pagpapalit, paggalaw, pagbabagong-loob at makakaya nating tanggapin ang mga pagbabagong ito. Sa panahon ng pagbabago, mahalaga na nakapokus tayo sa Diyos.



1. **Mga halimbawa ng transisyon sa Bibliya:**
    - 1.1. **Moses and Joshua**. Noong matanda na si Moses, ipinakita ng Panginoon si Joshua na magiging kahalili niya. Inihanda ni Moses ang dadaanan niya. May tatlong yugto sa buhay ni Moses: Apatnapung taon siyang prinsipe ng Egipto (Gawa 7:23); apatnapung taon siyang nawalay at mag-isa, Gawa 7:30); apatnapung taon siyang naglingkod sa Panginoon. At sa huli, sinabi ng Panginoon kay Moses na hindi niya mararating ang lupang pangako; sa halip, binasbasan niya si Joshua na pamunuan ang mga Israelita sa pagtawid sa Ilog Jordan. Namatay si Moses sa edad na 120.
    - **1.2 Haring David at Solomon**. Inilipat ni Haring David ang kanyang trono kay Solomon, (1Hari 1:32-35, 39-40).
    - **1.3 Si Hesus tungo sa Kanyang mga alagad.** Pinaunlad ni Hesus ang Kanyang mga alagad sa tatlong taon ng kanyang pampublikong buhay sa pamamagitan ng pagtuturo, pagsasanay, at pagpapakita ng mga halimbawa. Itinalaga Niya ang labindalawang alagad.
    - **1.4 Pablo at Timoteo.** Ang paghalili ni Timoteo kay Pablo ay isang proseso ng pagtuturo at pagpapaunlad ng pamumuno. Sumama si Timoteo kay Pablo sa kanyang paglalakbay, at lumago ang kanilang relasyon at tinawag siyang "anak sa pananalig," (1Tim. 1:2).
2. **Elias at Eliseo.** Ang ministeryo ni Elias ay nagtapos at si Eliseo ang sinabi ng Panginoon na hahalili sa kanya, (2 Hari 2:1-14).
    - 2.1. **Huwag hihiwalay.** Laging sumasama si Eliseo kay Elias. Iisa ang kanilang isip, puso at Espiritu (Sirach 6:33-36). Para silang mag-ama. Natuto si Eliseo sa pamamagitan ng pagtulong at pagmasid kay Elias.
        - ♦ Kung madalas tayong nakikinig ng salita ng Diyos, sinasanay din tayong maging alagad.
        - ♦ Para maging marunong, piliin ang mga taong makadiyos at makinig sa kanilang mga aral.
    - 2.1 **Pagsubok sa katapatan ni Eliseo**. Noong naglalakad sila sa Gilgal, sinabi ni Elias kay Eliseo, "maiwan ka rito; pinatutuloy ako ng Diyos sa Betel, Jericho, at Jordan." Ngunit mapilit si Eliseo at hindi humiwalay kay Elias (2Hari 2:2-6). Nakapasa si Eliseo sa pagsubok.
        - ♦ Kailangan din tayong maging masigasig sa mga gawain natin sa ating ministeryo.
    - 2.2 **Natanggap ni Eliseo ang dalawang bahagi ng kapangyarihan.** Ang panganay na anak ay tatanggap ng dalawang bahagi ng ari-arian, (Deut. 21:17). Hiningi ni Eliseo na ituring siyang anak ni Elias para maipagpatuloy niya ang mga gawain ni Elias. Hindi maibibigay ni Elias ang pakiusap ni Eliseo. Diyos lamang ang magkakaloob nito. Ang paghalili ni Eliseo kay Elias ay naganap noong nakita ni Eliseo na iniakyat sa langit si Elias sa pamamagitan ng ipo-ipo at nalaglag ang balabal ni Elias sa balikat ni Eliseo (2 Hari 2:12).

3. **Ano ang sumasagisag sa balabal ng propeta?**
    - 3.1. Ito ay isang pagtawag at imbitasyon sa isang bagong tungkulin ng isang propeta.
    - 3.2. Ito ay pagsasalin ng kapangyarihan.
    - 3.3. Ito ay pagbibigay ng kapangyarihan, banal na suporta, at gabay.
    - 3.4. Ito ay koneksyon sa tradisyon sa pamamagitan ng pagtuturo at pagsalin ng espiritwal na karunungan.

**Konklusyon:**

Lahat tayo ay bahagi ng tradisyon ng ating komunidad. Manggagaling sa grupo ng mga pinuno ang susunod na mga lider. Ipokus natin ang ating paningin kay Hesus at sa mga hinirang na mga pinuno, para sabay-sabay tayong maglakbay sa panahon ng transisyon o pagbabago.

**Pagninilay:**

1. Gaano kadalas ang pagbibigay mo ng atensyon sa mga bagay na hindi mahalaga?
2. Papaano mo maiiba ang iyong pokus mula sa mga bagay na pansamantala tungo sa mga bagay na walang hanggan?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pamumuno, #Pagbabago